# Ang Endowment

Noong sumapi ka sa Simbahan, nakatanggap ka ng dalawang ordenansa: binyag at kumpirmasyon. Gayundin, ang endowment sa templo ay natatanggap sa dalawang bahagi.

Sa unang bahagi, tatanggap ka ng pribado at indibiduwal na paunang ordenansa na tinatawag na mga “initiatory“ ordinance. Ang mga ordenansang ito ay may kalakip na mga espesyal na pagpapala tungkol sa iyong banal na pamana at potensyal. Bilang bahagi ng mga ordenansang ito, magiging awtorisado ka ring magsuot ng sagradong temple garment.

Sa ikalawang bahagi, tatanggapin mo ang nalalabi sa iyong endowment kasama ang isang grupo. Ginaganap ito sa isang instruction room kasama ang iba pang dumadalo sa templo. Inilalahad ang mga pangyayaring bahagi ng plano ng kaligtasan. Kabilang dito ang Paglikha, ang Pagkahulog nina Adan at Eva, ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo, ang Apostasiya, at ang Pagpapanumbalik. Marami ka ring malalaman tungkol sa paraan kung paano makababalik ang lahat ng tao sa kinaroroonan ng Panginoon. Ang ilang bahagi ng endowment ay inilalahad sa pamamagitan ng video at ang ilan ay inilalahad ng mga temple officiator.

Habang isinasagawa ang endowment ordinance, aanyayahan kang gumawa ng mga partikular na tipan sa Diyos. Kabilang sa mga tipang ito ang sumusunod:

- Batas ng pagsunod, kung saan kabilang ang pagsisikap na sundin ang mga kautusan ng Diyos
- Batas ng Sakripisyo, kung saan kabilang ang paggawa ng lahat ng ating makakaya upang masuportahan ang gawain ng Panginoon at pagsisisi nang may bagbag na puso at nagsisising espiritu
- Batas ng ebanghelyo, na siyang mas mataas na batas na itinuro ni Jesus noong narito Siya sa lupa
- Batas ng kalinisang-puri, kung saan kabilang ang pagkakaroon lamang ng seksuwal na relasyon sa tao na kung kanino tayo ikinasal nang legal at naaayon sa batas ng Diyos
- Batas ng paglalaan, kung saan kabilang ang paglalaan ng ating oras, mga talento, at lahat ng naipagkaloob sa atin ng Panginoon sa pagtatayo ng Simbahan ni Jesucristo sa lupa

Kapag tinutupad mo ang iyong mga tipan, mas napapalapit ka sa Tagapagligtas at nagiging mas makapangyarihan ang iyong kaugnayan sa Kanya. Nangangako ang Diyos na ang mga tumutupad sa kanilang mga tipan ay tatanggap ng mga pagpapala sa buhay na ito at ng pagkakataong makabalik sa piling Niya magpakailanman.

Sa pagtatapos ng endowment, simbolikong bumabalik ang mga na-endow sa kinaroroonan ng Panginoon sa pagpasok nila sa silid-selestiyal. Doon ay maaari kang gumugol ng oras upang magnilay-nilay, manalangin, magbasa ng mga banal na kasulatan, o pabulong na ibahagi ang iyong mga naiisip sa pamilya at mga kaibigan. Ito ay isang lugar ng kapayapaan, kung saan maaari ka ring makasumpong ng kapanatagan at banal na patnubay. (Tingnan sa “About the Temple Endowment,” temples.ChurchofJesusChrist.org.)

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2025 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_432-1